# Tunay na nalalaman ko ang pinakahuli sa mga nananahanan sa Impiyerno na lalabas mula rito,at ang pinakahuling mananahanan sa Paraiso na papasok sa Paraiso.Isang lalaki na lalabas sa Impiyerno na gumagapang,At sasabihin ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-sa kanya:Humayo ka at pumasok ka sa Paraiso,Darating siya rito,Aakalain niya rito na ito ay napuno na,At babalik siya:Sasabihin niya: O Panginoon,natagpuan ko itong puno na!

Ayon kay Al-Mughirah bin Shu`bah-malugod si Allah sa kanya-ay nagsabi:Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:((Tinanong si Propeta Musa-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang Panginoon niya;Ano ang pinakamababang antas a mga manananahanan sa Paraiso?Nagsabi siya: Siya ang lalaking darating pagkatapos pumasok ng mga mananahanan sa Paraiso,at sasabihin sa kanya:Pumasok ka sa Paraiso,Sasabihin niya: O Panginoon,Papaano,?at tunay na nagsipagbabaan na ang mga taong sa [kani-kanilang] mga antas,at nakuha na nila ang [kani-kanilang] dapat kunin? Sasabihin sa kanya:"Malulugod kaba na magkaroon ka ng tulad ng paghahari ng isang Hari mula sa mga Hari ng Mundo? Sasabihin niya:Nalulugod ako O Panginoon,Sasabihin sa kanya: Ito ay sa iyo,at ang tulad nito,at ang tulad nito,at ang tulad nito,at ang tulad nito,at sasabihin niya sa ikalima:Nalugod na ako O Panginoon,Sasabihin sa kanya:Ito sa iyo,at Sampong tulad pa nito,At mapapasaiyo ang anumang ibigin ng sarili mo,at [anumang] makakapagpasaya sa nakikita mo,Sasabihin niya: Nalugod ko O Panginoon". Nagsabi siya: O Panginoon,ano naman ang pinakamataas na antas sa kanila? Nagsabi siya: Sila yaong inibig ko,Linagyan ko ng halaman ang mga biyaya nila sa pamamagitan ng Aking kamay,at itinago Ko ito,Walang nakakita dito na mga mata,at walang nakarinig dito na mga tainga,Ito kailanman ay hindi naganap sa puso ng tao))At ayon kay Ibn Mas-ud malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:((Tunay na nalalaman ko ang pinakahuli sa mga nananahanan sa Impiyerno na lalabas mula rito,at ang pinakahuling mananahanan sa Paraiso na papasok sa Paraiso.Isang lalaki na lalabas sa Impiyerno na gumagapang,At sasabihin ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-sa kanya:Humayo ka at pumasok ka sa Paraiso,Darating siya

rito,Aakalain niya rito na ito ay napuno na,At babalik siya:Sasabihin niya: O Panginoon,natagpuan ko itong puno na! At sasabihin ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-sa kanya:Humayo ka at pumasok ka sa Paraiso,Darating siya rito,Aakalain niya rito na ito ay napuno na,At babalik siya:Sasabihin niya: O Panginoon,natagpuan ko itong puno na! At sasabihin ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-sa kanya:Humayo ka at pumasok ka sa Paraiso,At tunay na mapapasaiyo ang katulad ng Paraiso,at sampong tulad pa nito,O Tunay na sa iyo ang katulad ng Sampong kasingtulad ng Mundo,Sasabihin niya:Kinukutya niyo ba ako,o Pinagtatawanan niyo ba ako,At kayo ang Hari)) Nagsabi siya: Tunay na nakita ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na tumawa hanggang sa nakita ang bagang nito,At sinasabi niyang: (( Ito ang pinakamababang antas ng mananahanan sa Paraiso))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Pagpapahayag sa Kabaitan ni Allah-Pagkataas-taas Niya,at sa Lawak ng Habag Niya,At pagpapahayag sa Antas ng mga nananahanan sa Paraiso,Kung saan ang Pinakamababa sa kanilang antas,ay namumuhay sa mga biyaya [ ni Allah] nang doble,doble,Walang makapag-aari nito ng sinumang Hari sa Mundo.